

**Addendum sa  
Pangungupahan Seksyon 8  
Batay sa Proyekto  
Programang Butser**  
(Ilalaking sa pag-upa)

**Departamento ng Pabahay ng U.S.  
at Pag-unlad ng Lungsod**  
Tanggapan ng Pabahay sa Publiko at  
Indiyano

Num. sa Pag-apruba ng OMB 2577– 0169  
(exp. 04/30/2026)

**Pahayag sa Pasanin ng OMB.** Tinatantya sa katampatan na 0.25 oras ang pasanin sa pampublikong pag-uulat para sa koleksyon ng impormasyong ito, kasama ang oras para sa pagkolekta, pagsusuri at pag-uulat ng data. Kinokolekta ang impormasyon ayon sa hinihingi ng 24 CFR 983.256(b)(3), kung saan ang pag-upa sa pagitan ng may-ari at ng nangungupahan ay dapat na may kasamang addendum ng pangungupahan na kinakailangan ng HUD. Hindi ibinigay ang mga katiyakan sa pagiging kumpidensyal sa ilalim ng koleksyon na ito. Magpadala ng mga komento tungkol sa pagtatantya ng pasanin na ito o anumang iba pang aspeto ng koleksyon ng impormasyong ito, kabilang ang mga mungkahi para bawasan ang pasanin na ito, sa Tanggapan ng Pabahay sa Publiko at Indiyano (Office of Public and Indian Housing), ng Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng Estados Unidos, Washington, DC 20410. Maaaring hindi magsagawa at mag-sponsor ang HUD, at hindi kinakailangang tumugon ang isang tao, sa koleksyon ng impormasyon maliban kung ang koleksyon ay nagpapakita ng wastong control number.

**Abiso ng Pagkapribado:** Ang Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development, HUD) ay awtorisado na kolektahin ang impormasyong kinakailangan sa form na ito sa pamamagitan ng 24 CFR 983.256(b)(3). Ginagamit ang impormasyon para magbigay ng Seksyon 8 PBV na tulong sa anyo ng mga bayad na tulong sa pabahay. Hindi iniimbak o kinukuha sa loob ng isang sistema ng rekord ang data ng Personal na Natutukoy ng Impormasyon (Personally Identifiable Information, PII) na nakolekta sa form na ito.

**Mga tagubilin sa paggamit ng Addendum ng Pangungupahan:**

Ginagamit ang addendum sa pangungupahan na ito sa Section 8 nakabase sa butser (project-based voucher, PBV) na programa. Sa ilalim ng programa, nagbibigay ang HUD ng mga pondo sa isang pampublikong ahensya ng pabahay (PHA) para sa subsidya sa renta sa ngalan ng mga karapat-dapat na pamilya. Ang pangunahing regulasyon para sa programang ito ay 24 Code of Federal Regulations Part 983.

May dalawang bahagi ang addendum sa pangungupahan:

Bahagi A: Impormasyon ng Addendum sa Pangungupahan (mga fill-in). Tingnan ang mga tagubilin sa bawat seksyon.

Bahagi B: Addendum sa pangungupahan (walang impormasyon na ipinasok sa bahaging ito).

**Paano punan ang Bahagi A - Mga Tagubilin sa Bawat Seksyon:**

**Seksyon 2: Nangungupahan**

Ilagay ang buong pangalan ng nangungupahan.

**Seksyon 3. Yunit ng Kontrata**

Ilagay ang address ng yunit, kasama ang numero ng apartment, kung anuman.

**Seksyon 4. Mga Miyembro ng Sambahayan**

Ilagay ang buong pangalan ng lahat ng miyembro ng sambahayan na inaprubahan ng PHA. Tukuyin kung ang sinumang ganoong tao ay live-in aide, na isang taong inaprubahan ng PHA na manirahan sa unit upang magbigay ng mga serbisyong pansuporta para sa isang miyembro ng pamilya na isang taong may mga kapansanan.

**Seksyon 5. Inisyal na Termino sa Pag-upa**

Ilagay ang unang petsa at huling petsa ng inisyal na termino ng pag-upa. Dapat na hindi bababa sa isang taon ang inisyal na termino ng pag-upa. 24 CFR § 983.256(f).

**Seksyon 6. Inisyal na Renta sa May-ari**

Ilagay ang halaga ng buwanang renta sa may-ari sa panahon ng inisyal na termino ng pag-upa.

**Seksyon 7. Inisyal na Renta ng Nangungupahan**

Ilagay ang unang buwanang halaga ng renta ng nangungupahan.

**Seksyon 8. Bayad ng Tulong sa Pabahay**

Ilagay ang inisyal na halaga ng buwanang bayad ng tulong sa pabahay.

**Seksyon 9. Mga Yutilidad at Kagamitan**

Dapat tukuyin ng pag-upa kung anong mga yutilidad at kagamitan ang ibibigay ng may-ari, at kung anong mga yutilidad at kagamitanang ibibigay ng nangungupahan. Punan ang seksyon 9 para ipakita kung sino ang may pananagutan na magbigay o magbayad para sa mga yutilidad at kagamitan.

**Bahagi A ng Addendum sa Pangungupahan**

(Punan ang lahat ng impormasyon sa Bahagi A.)

- 1. **Mga Nilalaman ng Addendum sa Pangungupahan**  
May dalawang bahagi ang Addendum sa Pangungupahan na ito:

Bahagi A: Impormasyon ng Addendum sa Pangungupahan

Bahagi B: Addendum sa Pangungupahan

- 2. **Nangungupahan**

- 3. **Yunit ng Kontrata**

- 4. **Sambahayan**

Maaaring manirahan sa yunit ang mga sumusunod na tao. Hindi maaaring idagdag sa sambahaya ang ibang tao nang walang paunang nakasulat na pag-apruba ng may-ari at PHA.

- 5. **Inisyal na Termino sa Pag-upa**

Magsisimula ang inisyal na termino sa pag-upa sa (mm/dd/yyyy): \_\_\_\_\_

Magtatapos ang inisyal na termino ng pag-upa sa (mm/dd/yyyy): \_\_\_\_\_

- 6. **Inisyal na Renta sa May-ari**

Ang inisyal na renta sa may-ari ay: \$ \_\_\_\_\_

- 7. **Inisyal na Renta ng Nangungupahan**

Ang inisyal na renta ng nangungupahan ay: \$ \_\_\_\_\_bawat buwan. Maaaring baguhin ng PHA ang halaga ng renta ng nangungupahan sa panahon ng pag-upa alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD.

- 8. **Bayad ng Inisyal na Tulong sa Pabahay**

Sa simula ng termino ng kontrata ng Bayad na Tulong sa Pabahay (Housing Assistance Payments, HAP), ang halaga ng bayad na tulong sa pabahay ng PHA sa may-ari ay \$ \_\_\_\_\_bawat buwan. Ang halaga ng buwanang bayad na tulong sa pabahay ng PHA sa may-ari ay napapailalim sa pagbabago sa panahon ng termino ng kontrata ng HAP alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD.

**9. Mga Yutilidad at Kagamitan**

Dapat magkaloob o magbabayad ang may-ari para sa mga yutilidad at kagamitan na nakasaad sa ibaba ng "O". Dapat magkaloob o magbayad ang nangungupahan para sa mga yutilidad at kagamitan na nakasaad sa ibaba ng "T". Maliban kung iba ang tinukoy sa ibaba, magbabayad ang may-ari para sa lahat ng mga yutilidad at kagamitan na ibinigay ng may-ari.

Item	Tukuyin ang uri ng fuel			Binayaran ng	
Pagpainit	<input type="checkbox"/> Natural na gas	<input type="checkbox"/> Bote ng gas <input type="checkbox"/> Langis o Kuryente	<input type="checkbox"/> Coal o Iba pa		
Pagluluto	<input checked="" type="checkbox"/> Natural na gas	<input type="checkbox"/> Bote ng gas <input type="checkbox"/> Langis o Kuryente	<input type="checkbox"/> Coal o Iba pa		
Pagpapainit ng Tubig	<input type="checkbox"/> Natural na gas	<input type="checkbox"/> Bote ng gas <input type="checkbox"/> Langis o Kuryente	<input type="checkbox"/> Coal o Iba pa		
Iba pang Kuryente					
Tubig					
Imburnal					
Pangongolekta ng Basura					
Erkon					
					Ibinigay ng
Pridyeder					
Range/Microwave					
Iba pa (tukuyin)					

Ako/Kami, ang nakalagda sa ibaba, ay pinatutunayan sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na totoo at tama ang impormasyong ibinigay sa itaas. **BABALA:** Napapailalim sa mga kriminal at/o sibil na parusa ang sinumang sadyang magsumite ng maling claim o gumawa ng maling pahayag, kabilang ang pagkakulong ng hanggang 5 taon, multa, at sibil at administratibong mga parusa. (18 U.S.C. §§ 287, 1001, 1010, 1012; 31 U.S.C. §3729, 3802).

**Mga lagda:**

**May-ari**

\_\_\_\_\_  
Iprinta o I-type ang Pangalan ng May-ari

\_\_\_\_\_  
Lagda

\_\_\_\_\_  
Iprinta o I-type ang Pangalan at Titulo ng Lumagda

\_\_\_\_\_  
Petsa

**Nangungupahan**

\_\_\_\_\_  
Iprinta o I-type ang Kinatawan ng Pamilya

\_\_\_\_\_  
Lagda

\_\_\_\_\_  
Iprinta o I-type ang Kinatawan ng Pamilya

\_\_\_\_\_  
Petsa

## **Bahagi B ng Addendum sa Pangungupahan**

### **1. Seksyon 8 Nakabatay sa Proyekto na Programang Butser (PBV)**

- a. Pinapaupahan ng may-ari ang yunit ng kontrata sa nangungupahan para tumira ang pamilya ng nangungupahan na may tulong para sa pangungupahan sa ilalim ng Seksyon 8 PBV na programa ng Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod (Housing and Urban Development, HUD) ng Estados Unidos).
- b. Pumasok ang may-ari sa isang Kontratang Tulong na Bayad sa Pabahay o Housing Assistance Payments Contract (Kontrata ng HAP) sa ahensya ng publikong pabahay (public housing agency, PHA) sa ilalim ng PBV na programa. Sa ilalim ng kontrata ng HAP, magbabayad ang PHA ng tulong na bayad sa pabahay sa may-ari para tulungan ang nangungupahan sa pag-upa ng yunit mula sa may-ari.

### **2. Pag-upa**

- a. Binigyan ng may-ari ang PHA ng kopya ng pag-upa, kasama ang anumang mga pagbabagong napagkasunduan ng may-ari at ng nangungupahan. Pinapatunayan ng may-ari na alinsunod ang mga tuntunin ng pag-upa sa mga kinakailangan ng HUD at kasama sa pag-upa ang addendum sa pangungupahan.
- b. May karapatan ang nangungupahan na ipatupad ang addendum ng pangungupahan laban sa may-ari. Kung may anumang salungatan sa pagitan ng addendum sa pangungupahan at anumang iba pang mga probisyon ng pag-upa, ang wika ng addendum sa pangungupahan ang magkokontrol.

### **3. Gamit ng Yunit ng Kontrata**

- a. Sa panahon ng termino ng pag-upa, titira ang pamilya sa yunit ng kontrata na may tulong sa ilalim ng programa ng PBV.
- b. Dapat aprubahan ng PHA ang komposisyon ng sambahayan. Dapat ipaalam kaagad ng pamilya sa PHA ang kapanganakan, pag-aampon o pangangalaga ng isang bata na iginawad ng husgado. Hindi maaaring idagdag sa sambahaya ang ibang tao nang walang paunang nakasulat na pag-apruba ng may-ari at PHA.
- c. Maaaring gamitin ang yunit ng kontrata para sa paninirahan lamang ng mga miyembro ng sambahayan na inaprubahan ng PHA. Dapat na ang yunit ang tanging tirahan ng pamilya. Ang mga miyembro ng sambahayan ay maaaring - gumawa ng mga legal na aktibidad ng pagkakakitaan na may kinalaman sa pangunahing paggamit ng yunit para sa paninirahan ng mga miyembro ng pamilya.
- d. Hindi maaaring ipa-sublease o hayaan ang yunit.
- e. Hindi maaaring italaga ng nangungupahan ang pag-upa o ilipat ang yunit.

### **4. Renta sa May-ari**

- a. Ang inisyal at muling pinagpasyahan na renta sa may-ari ay itinatag alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD.
- b. Sa panahon ng termino ng pag-upa (kasama ang inisyal na termino ng pag-upa at anumang ekstensyon na termino), ang renta sa may-ari ay hindi maaring lumampas ng:
  - (1) Ang makatwirang renta para sa yunit na pinakahuling pinagpasyahan o muling pinagpasyahan ng PHA alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD, o
  - (2) Sisingilin ng may-ari na renta para sa katulad na mga yunit na walang tulong sa mga looban.

## 5. Bayad ng Pamilya sa May-ari

- a. Ang renta ng nangungupahan ay ang bahagi ng buwanang renta sa may-ari na binabayaran ng pamilya. Pagpapasyahan ng PHA ang renta ng nangungupahan alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD. Ang anumang pagbabago sa halaga ng renta ng nangungupahan ay magkakabisa sa petsang nakasaad sa isang abiso ng PHA sa pamilya at sa may-ari.
- b. Bawat buwan, magbabayad ang PHA ng tulong sa pabahay sa may-ari sa ngalan ng pamilya alinsunod sa kontrata ng HAP. Ang halaga ng buwanang bayad na tulong sa pabahay ay pagpapasyahan ng PHA alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD para sa pangungupahan sa ilalim ng Seksyon 8 PBV na programa.
- c. Ang buwanang bayad na tulong sa pabahay ay dapat ikredito laban sa buwanang renta sa may-ari para sa yunit ng kontrata.
- d. Hindi responsable ang nangungupahan sa pagbabayad ng bahagi ng renta sa may-ari na saklaw ng bayad na tulong sa pabahay ng PHA sa ilalim ng kontrata ng HAP sa pagitan ng may-ari at ng PHA. Hindi paglabag sa pag-upa ang kabiguang bayaran ng PHA ang bayad na tulong sa pabahay sa may-ari. Hindi maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan para sa hindi pagbabayad ng bayad na tulong sa pabahay ng PHA.
- e. Ang may-ari ay hindi maaaring maningil o tumanggap, mula sa pamilya o mula sa anumang iba pang mapagkukunan, ng anumang pagbabayad para sa renta ng yunit bilang karagdagan ng renta sa may-ari. Kasama sa renta sa may-ari ang lahat ng serbisyo sa pabahay, pagpapanatili, mga yutilidad at kagamitan na ibibigay at babayaran ng may-ari alinsunod sa pag-upa. Hindi kasama ang mga singil para sa mga serbisyong hindi pabahay tulad ng pagkain, kasangkapan o mga serbisyong pansuportang ibinibigay ng may-ari. Ang renta sa may-ari.
- f. Dapat ibalik kaagad ng may-ari ang anumang labis na bayad sa renta sa nangungupahan.

## 6. Iba pang mga Fee at Singil

- a. Maliban sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong sa PBV sa mga tinutulungang pagpapaunlad ng pamumuhay (tingnan ang talata b. sa ibaba), maaaring hindi hilingin ng may-ari ang nangungupahan o mga miyembro ng pamilya na magbayad ng mga singil para sa anumang mga pagkain o serbisyong pansuporta na maaaring ibigay ng may-ari. Hindi batayan para wakasan ang pangungupahan ng hindi pagbabayad ng anumang naturang mga singil.
- b. Sa mga pagpapaunlad na tulong sa pamumuhay na tumatanggap ng tulong batay sa proyekto, maaaring singilin ng may-ari ang mga nangungupahan, miyembro ng pamilya, o pareho para sa mga pagkain o mga serbisyong pansuporta. Dapat na tukuyin sa pag-upa ang anumang mga naturang singil. Maaaring hindi kasama sa renta sa may-ari ang mga singil na ito, at hindi rin maaaring isama ang halaga ng mga pagkain at suportang serbisyo sa pagkalkula ng makatwirang renta. Mga batayan ang hindi pagbabayad ng naturang mga singil para sa pagwawakas ng pag-upa ng may-ari sa mga tinutulungang pagpapaunlad ng pamumuhay.
- c. Maaaring hindi singilin ng may-ari ang nangungupahan ng dagdag na halaga para sa mga item na karaniwang kasama ng renta sa may-ari sa lokalidad, o ibigay nang walang karagdagang gastos sa mga hindi na-subsidize na nangungupahan sa mga looban.

## 7. Pagpapanatili, Mga Yutilidad, at Iba Pang Serbisyo

- a. Pagpapanatili
  - (1) Dapat panatilihin ng may-ari ang yunit at mga looban alinsunod sa HQS.
  - (2) Dapat na naaayon ang pagpapanatili at pagpapalit (kabilang ang muling pagdekorasyon) sa karaniwang kasanayan para sa kinauukulang gusali na itinatag ng may-ari.
- b. Mga Yutilidad at Kagamitan
  - (1) Dapat ibigay ng may-ari ang lahat ng mga yutilidad na kailangan para sumunod sa HQS.

(2) Walang pananagutan ang may-ari para sa paglabag sa HQS na sanhi ng kabiguan ng nangungupahan na:

(a) Magbayad para sa anumang mga yutilidad na babayaran ng nangungupahan.

(b) Magbigay at magpanatili ng anumang kagamitan na dapat ilaan ng nangungupahan.

c. Pinsala sa Pamilya. Ang may-ari ay walang pananagutan ng paglabag sa HQS dahil sa mga pinsalang lampas sa normal na pagluma at pagkasira na dulot ng sinumang miyembro ng sambahayan o bisita.

d. Mga Serbisyo sa Pabahay. Dapat ibigay ng may-ari ang lahat ng mga serbisyo sa pabahay ayon sa napagkasunduan sa pag-upa.

## **8. Pagwawakas ng May-ari sa Pangungupahan**

a. Mga kinakailangan. Maaari lamang wakasan ng may-ari ang pangungupahan alinsunod sa pag-upa at mga kinakailangan ng HUD.

b. Mga batayan. Sa panahon ng termino ng pag-upa (ang inisyal na termino ng pag-upa o anumang ekstensyon na termino), maaari lamang wakasan ng may-ari ang pangungupahan dahil sa:

(1) Seryoso o paulit-ulit na paglabag sa pag-upa;

(2) Paglabag sa batas ng Pederal, Estado, o lokal na nagpapataw ng mga obligasyon sa nangungupahan kaugnay ng paninirahan o paggamit ng yunit at ang mga looban;

(3) Kriminal na aktibidad o pag-abuso sa alkohol (tulad ng ibinigay sa talata c); o

(4) Iba pang mabuting dahilan (tulad ng ibinigay sa talata d).

c. Kriminal na Aktibidad o Pag-abuso sa Alkohol

(1) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa panahon ng termino ng pag-upa kung sinumang miyembro ng sambahayan, bisita o ibang tao na nasa ilalim ng kontrol ng residente ang gagawa ng alinman sa mga sumusunod na uri ng kriminal na aktibidad:

(a) Anumang kriminal na aktibidad na nagbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng, o ang karapatan sa mapayapang pagtatamasa ng mga looban ng, ibang mga residente (kabilang ang mga tauhan ng pamamahala ng ari-arian na naninirahan sa mga looban);

(b) Anumang gawaing kriminal na nagbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng, o ang karapatan sa mapayapang pagtatamasa ng kanilang mga tirahan ng, mga taong naninirahan sa paligid ng lugar;

(c) Anumang marahas na kriminal na aktibidad sa o malapit sa mga looban; o

(d) Anumang kriminal na aktibidad na nauugnay sa droga sa loob o malapit sa mga looban.

(2) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa termino ng pag-upa kung sinumang miyembro ng sambahayan ay:

(a) Tumatakas para maiwasan ang pag-uusig, o kustodiya o pagkakulong pagkatapos mahatulan, para sa isang krimen, o pagtatangkang gumawa ng krimen, iyon ay isang mabigat na kasalanan sa ilalim ng mga batas ng lugar kung saan tumakas ang indibidwal, o na, sa kaso ng Estado ng New Jersey, ay isang mataas na misdemeanor; o

(b) Paglabag sa kondisyon ng probasyon o parol sa ilalim ng batas ng Pederal o Estado.

(3) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan para sa kriminal na aktibidad ng isang miyembro ng sambahayan alinsunod sa seksyong ito kung pagpasyahan ng may-ari na ginawa ng miyembro ng sambahayan ang kriminal na aktibidad, hindi alintana kung naaresto o nahatulan para sa naturang aktibidad ang miyembro ng sambahayan.

(4) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa termino ng pag-upa kung sinumang miyembro ng sambahayan ang nasangkot ng pag-abuso sa alkohol na nagbabanta sa kalusugan, kaligtasan o karapatan sa mapayapang pagtatamasa ng mga looban ng ibang mga residente.

d. Iba Pang Magandang Dahilan para sa Pagwawakas ng Pangungupahan

(1) Sa panahon ng inisyal na termino ng pag-upa, dapat na isang bagay na ginawa o nabigong gawin ng pamilya ang ibang magandang dahilan para sa pagwawakas ng pangungupahan.

(2) Sa panahon ng paunang termino ng pag-upa o sa panahon ng anumang termino ng ekstensyon, kabilang sa iba pang mabuting dahilan ang:

(a) Pagkagambala ng mga kapitbahay,

(b) Pagkasira ng ari-arian, o

(c) Mga gawi sa pamumuhay o pagpapanatili ng bahay na nagdudulot ng pinsala sa yunit o lugar.

(3) Pagkatapos ng inisyal na termino ng pag-upa, kabilang sa magandang dahilan ang hindi pagtanggap ng nangungupahan sa alok ng may-ari ng isang bagong pag-upa o rebisyon.

e. Awtomatikong Pag-renew ng Pag-upa

Bagama't awtomatikong magre-renew ang pag-upa (para sa magkakasunod na tiyak na termino o para sa isang hindi tiyak na ekstensyon ng termino, gaya ng itinatadhana sa pag-upa), maaaring wakasan ng may-ari ang pag-upa para sa mabuting dahilan.

f. Mga Proteksyon para sa mga Biktima ng Karahasan sa Tahanan, Karahasan sa Pakikipagtipan, Sekswal na Pag-atake, o Paniniktik.

(1) Layunin: Isinasama ng seksyong ito ang mga proteksiyon para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik alinsunod sa subtitle N ng Batas sa Karahasan Laban sa Kababaihan (Violence Against Women Act) ng 1994, bilang sinusugan (na-codify bilang sinusugan sa 42 USC 14043e et seq.) (VAWA) at mga regulasyon ng pagpapatupad sa 24 CFR bahagi 5, subpart L.

(2) Salungatan sa ibang mga Probisyon: Sa kaganapan ng anumang salungatan sa pagitan ng probisyong ito at anumang iba pang mga probisyon na kasama sa Bahagi C ng kontrata ng HAP, mananaig ang probisyong ito.

(3) Epekto sa Iba pang mga Proteksyon: Wala sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na pumapalit sa anumang probisyon ng anumang Pederal, Estado, o lokal na batas na nagbibigay ng higit na proteksyon kaysa sa seksyong ito para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake o paniniktik.

(4) Kahulugan: Gaya ng ginamit sa Seksyon na ito, ang mga terminong "aktwal at napipintong pagbabanta," "kaakibat na indibidwal", "paghihiwalay", "karahasan sa pakikipagtipan," "karahasan sa tahanan," "sekswal na pag-atake," at "paniniktik" ay tinukoy sa mga regulasyon ng HUD sa 24 CFR bahagi 5, subpart L. Ang mga terminong "Sambahayan" at "Ibang Tao sa Ilalim ng Kontrol ng Nangungupahan" ay binigyang kahulugan sa 24 CFR bahagi 5, subpart A.

(5) Form ng Abiso at Sertipikasyon ng VAWA: Dapat magbigay ang PHA sa nangungupahan ng "Abiso ng Mga Karapatan sa Paninirahan sa ilalim ng VAWA" at ang form ng sertipikasyon na inilarawan sa ilalim ng 24 CFR 5.2005(a)(1) at (2).

(6) Proteksyon para sa mga biktima ng KARahasan sa Tahanan, Karahasan sa Pakikipagtipan, Sekswal na Pag-atake, o Paniniktik:

(a) Hindi tatanggihan ng may-ari o ng PHA ang admisyon sa, tatanggihan ang tulong sa ilalim ng, tatapusin mula sa paglahok sa, o paalisin ang Nangungupahan batay sa o bilang direktang resulta ng katotohanan na ang Nangungupahan ay o naging biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik, kung kwalipikado ang Nangungupahan para sa admisyon, tulong, pagsali, o paninirahan. 24 CFR 5.2005(b)(1).

(b) Ang nangungupahan ay hindi dapat tanggihan ng pangungupahan o mga karapatan sa paninirahan batay lamang sa kriminal na aktibidad na ginagawa ng isang miyembro ng Sambahayan ng Nangungupahan o sinumang bisita o Ibang Tao na Nasa Ilalim ng Kontrol ng Nangungupahan, kung direktang nauugnay ang kriminal na aktibidad sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik, at ang Nangungupahan o isang Kaakibat na Indibidwal ng Nangungupahan ay ang biktima o ang pinagbantaang biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik. 24 CFR 5.2005(b)(2).

(c) Ang isang insidente o mga insidente ng aktuwal o bantang karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik ay hindi ituturing na malubha o paulit-ulit na mga paglabag sa pag-upa ng biktima o binantaang biktima ng insidente. O na ang naturang insidente o mga insidente ay ituturing bilang iba na "mabuting sanhi" para sa pagwawakas ng pag-upa, pangungupahan, o karapatan sa paninirahan ng naturang biktima o pinagbantaang biktima. 24 CFR 5.2005(c)(1) at (c)(2).

(7) Pagsunod sa mga Utos ng Korte: Wala sa Addendum na ito ang maglilimita sa awtoridad ng may-ari, kapag naabisuhan ng isang utos ng husgado, na sumunod sa utos ng husgado patungkol sa mga karapatan sa pag-access o kontrol ng ari-arian (kabilang ang mga utos ng proteksyong sibil na inisyu upang protektahan ang isang biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik) o patungkol sa pamamahagi o pagmamay-ari ng ari-arian sa mga miyembro ng sambahayan ng nangungupahan. 24 CFR 5.2005(d)(1).

(8) Mga Paglabag na Hindi Nakatalaga sa Karahasan sa Tahanan, Karahasan sa Pakikipagtipan, Sekswal na Pag-atake, o Paniniktik: Wala sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na limitahan ang anumang magagamit na awtoridad ng landlord na paalisin o ang awtoridad ng pampublikong pabahay na wakasan ang tulong sa nangungupahan para sa anumang paglabag na hindi batay sa isang gawa ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik na pinag-uusapan laban sa nangungupahan o kaakibat na indibidwal ng nangungupahan. Gayunpaman, hindi isasailalim ng landlord o ng PHA ang nangungupahan, na biktima o naging biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik, sa mas hinihinging pamantayan kaysa sa ibang mga nangungupahan sa pagpapasya kung paalisin o wakasan ang tulong. 24 CFR 5.2005(d)(2).

(9) Aktwal at Napipinto na mga Banta:

(a) Wala sa seksyong ito ang ituturing na limitahan ang awtoridad ng landlord na paalisin ang nangungupahan kung maipapakita ng landlord na ang isang "aktwal at napipintong banta" sa ibang mga nangungupahan o sa mga nagtatrabaho sa o nagbibigay ng serbisyo sa ari-arian ay naroroon kung hindi paalisin ang nangungupahan o legal na nakatira. Sa kontekstong ito, ang mga salita, kumpas, kilos, o iba pang tagapagpahiwatig ay ituturing bilang aktwal at napipintong pagbabanta kung natutugunan ng mga ito ang mga sumusunod na pamantayan para sa isang aktwal at napipintong pagbabanta: Ang "aktwal at napipintong pagbabanta" ay tumutukoy sa pisikal na panganib na totoo, na magaganap sa loob ng agarang takdang panahon, at maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala sa katawan. Sa pagtukoy kung magpapakita ng aktwal at napipintong banta ang isang indibidwal, kinabibilangan ng mga salik na isasaalang-alang ang: tagal ng panganib, ang kalikasan at kalubhaan ng potensyal na pinsala, ang posibilidad na mangyari ang potensyal na pinsala, at ang tagal ng panahon bago mangyari ang potensyal na pinsala. 24 CFR 5.2005(d)(3).

(b) Kung ipinakita ang aktwal at napipintong pagbabanta, dapat gamitin lamang ang pagpapaalis kapag walang ibang mga aksyon na maaaring gawin para bawasan o alisin ang pagbabanta, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, paglipat ng biktima sa ibang yunit, pagbawalan ang salarin mula sa ari-arian, pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas para dagdagan ang presensya ng pulisya, pagbuo ng iba pang mga plano para panatilihin ligtas ang ari-arian, o paghahanap ng iba pang mga legal na remedyo upang pigilan ang salarin sa pagsasagawa ng banta. Hindi maaaring batay sa mga estereotipo ang mga paghihigpit na nakabatay sa kaligtasan ng publiko, ngunit dapat na iayon sa mga partikular na alalahanin tungkol sa mga indibidwal na residente. 24 CFR 5.2005(d)(4).

(10) Emerhensyang Paglipat: Ang nangungupahan na biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik ay maaaring humiling ng emerhensyang paglipat alinsunod sa plano ng emerhensyang paglipat ng PHA. 24 CFR 5.2005(e). Ang planong emerhensya na paglipat ng PHA, na dapat available kapag hiniling, ay dapat:

(a) Isama ang mahigpit na mga hakbang sa pagiging kompidensiyal upang matiyak na hindi isisiwalat ng PHA ang lokasyon ng tirahan ng nangungupahan sa tao na gumawa o nagbanta na gagawa ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik laban sa nangungupahan;



(b) Bigyan ang biktima ng priyoridad na makatanggap ng susunod na magagamit na pagkakataon para sa patuloy na tulong sa pagpapaupa na nakabatay sa nangungupahan kung nakatira sila sa yunit ng PBV sa loob ng isang taon o higit pa. 24 CFR 983.261;

(c) Ilarawan ang mga patakaran o pagsisikap na gagawin ng PHA kapag nakatira ang biktima sa isang yunit nang wala pang isang taon, o ang biktima ay naghahangad na lumipat nang mas maaga kaysa sa pagiging available ng butser na nakabatay sa nangungupahan.

(d) Para sa mga paglilipat kung saan hindi maituturing na isang bagong aplikante ang nangungupahan, dapat tiyakin ng PHA na ang kahilingan para sa emerhensya na paglipat ay makakatanggap, sa pinakamababa, ng anumang naaangkop na karagdagang priyoridad na naibigay na sa iba pang mga uri ng mga kahilingan para sa emerhensya na paglipat. Para sa mga paglilipat kung saan maituturing na isang bagong aplikante ang nangungupahan, dapat na kasama ng plano ang mga patakaran para sa pagtulong sa nangungupahan sa paglipat na ito.

(11) Paghihiwalay: Alinsunod sa anumang mga kinakailangan sa pagwawakas ng pag-upa o mga pamamaraan na itinakda ng Pederal, Estado, o lokal na batas, kung ang sinumang miyembro ng Sambahayan ng Nangungupahan ay nagsasagawa ng kriminal na aktibidad na direktang nauugnay sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik, maaaring "paghiwalayin" ng Landlord ang Pag-upa, o alisin ang miyembro ng Sambahayan na iyon mula sa Pag-upa, nang hindi isinasaalang-alang kung lumagda sa pag-upa ang miyembro ng Sambahayan na iyon, para paalisin, tanggalin, o wakasan ang karapatan sa paninirahan ng miyembro ng Sambahayan na iyon nang hindi pinapaalis, tinatangal, o kung hindi man ay pinaparusahan ang biktima ng kriminal na aktibidad na isa ring nangungupahan o legal na nakatira. Ang naturang pagpapaalis, pagtanggap, pagwawakas ng mga karapatan sa paninirahan, o pagwawakas ng tulong ay dapat isakatuparan alinsunod sa mga pamamaraan na itinakda ng Pederal, Estado, at lokal na batas para sa pagwawakas ng mga pag-upa o tulong sa ilalim ng programang butser sa pagpili ng pabahay (housing choice voucher program). 24 CFR 5.2009(a). Kung paghiwalayin ng Landlord ang Pag-upa para paalisin, tanggalin, o wakasan ang tulong sa isang miyembro ng sambahayan, at ang miyembro ng sambahayan na iyon ay ang tanging nangungupahan na karapat-dapat na tumanggap ng tulong, bibigyan ng may-ari ang sinumang natitirang mga nangungupahan o residente ng panahon na 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paghihiwalay ng pag-upa para:

(a) Magtatag ng pagiging karapat-dapat para sa parehong sakop na programa sa pabahay kung saan ang pinaalis o winakasan na nangungupahan ay ang tatanggap ng tulong sa oras ng paghihiwalay ng pag-upa;

(b) Magtatag ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng isa pang saklaw na programa sa pabahay; o;

(c) Maghanap ng alternatibong pabahay.

(12) Pagkakahati ng Pamilya: Kung magreresulta ang pagkakahati ng pamilya sa pagkakaroon ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik, maaaring mag-alok ang PHA sa biktima ng pagkakataon para sa patuloy na tulong sa pagpapaupa na nakabatay sa nangungupahan.

(13) Lumipat nang may Tuloy-tuloy na Tulong: Hindi maaaring wakasan ng ahensya ng pampublikong pabahay ang tulong sa isang pamilya o miyembro ng pamilya na umalis sa yunit bilang paglabag sa pag-upa, nang mayroon o walang paunang abiso sa ahensya ng pampublikong pabahay, kung:

(a) Kailangan ang hakbang para protektahan ang kalusugan o kaligtasan ng pamilya o miyembro ng pamilya na biktima o naging biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik; at

(b) Ang pamilya o miyembro ng pamilya ay makatuwirang naniniwala na pinagbantaan siya ng napipintong pinsala mula sa karagdagang karahasan kapag manatili siya sa tirahan. Gayunpaman, ang sinumang miyembro ng pamilya na naging biktima ng sekswal na pag-atake na naganap sa lugar sa loob ng 90-araw ng kalendaryo bago ang paglipat ng pamilya o kahilingang lumipat ay hindi kinakailangang maniwala na pinagbantaan siya ng napipintong pinsala mula sa karagdagang karahasan kung nanatili siya sa yunit ng tirahan. 24 CFR 983.261.

(15) Pagiging kumpidensyal:

(a) Dapat panatilihin ng Landlord nang may mahigpit na kumpiyansa ang anumang impormasyon na isusumite ng Nangungupahan (o isang taong kumikilos sa ngalan ng Nangungupahan) sa Landlord tungkol sa mga insidente ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake o paniniktik, kabilang ang katotohanan na biktima ang nangungupahan ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o paniniktik.

(b) Hindi dapat pahintulutan ng Landlord ang sinumang indibidwal na nangangasiwa ng tulong sa ngalan nito, o sinumang tao sa loob nito, na magkaroon ng access sa kumpidensyal na impormasyon maliban kung tahasang pinahintulutan ng Landlord para sa mga kadahilanang partikular na humihiling sa mga indibidwal na ito na magkaroon ng access sa impormasyon alinsunod sa naaangkop na batas ng Pederal, Estado, o lokal.

(c) Ang Landlorday hindi dapat magpasok ng kumpidensyal na impormasyon sa anumang nakabahaging database o magbunyag ng naturang impormasyon sa anumang iba pang entidad o indibidwal, maliban sa lawak na ang pagsisiwalat ay hiniling o pinahintulutan nang nakasulat ng indibidwal sa isang limitadong oras na paglabas; kinakailangan para sa paggamit sa paglilitis ng pagpapaalis; o kinakailangan ng naaangkop na batas.

g. Aksyon ng Husgado na Pagpapaalis. Maaari paalisin ng may-ari ang nangungupahan sa pamamagitan lamang ng aksyon ng husgado.

h. Abiso ng May-ari sa mga Batayan

- (1) Sa o bago ang simula ng aksyon ng husgado para paalisin ang nangungupahan, dapat bigyan ng may-ari ang nangungupahan ng abiso na tumutukoy sa mga dahilan para sa pagwawakas ng pangungupahan. Ang abiso ay maaaring kabilang sa o isama sa anumang abiso sa pagpapaalis ng may-ari.
- (2) Dapat bigyan ng may-ari ang PHA ng kopya ng anumang abiso sa pagpapaalis ng may-ari kasabay ng pag-abiso ng may-ari sa nangungupahan.
- (3) Nangangahulugan ang abiso sa pagpapaalis ng isang abiso sa paglisan, o isang reklamo o iba pang paunang pagsusumamo na ginamit para simulan ang aksyon sa pagpapaalis sa ilalim ng Estado o lokal na batas.

## 9. Pagwawakas ng Tulong ng PHA

Maaaring wakasan ng PHA ang programang tulong para sa pamilya para sa anumang kadahilanan na pinahintulutan alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD. Kung tatapusin ng PHA ang programang tulong para sa pamilya, awtomatikong magwawakas ang pag-upa.

## 10. Pag-upa: Kaugnayan sa Kontrata ng HAP

Kung tatapusin ang kontrata ng HAP sa anumang dahilan, awtomatikong magwawakas ang pag-upa.

Sa pagwawakas o pag-expire ng kontrata ng HAP nang walang ekstensyon, maaaring piliin ng bawat pamilyang tinulungan sa ilalim ng kontrata na gamitin ang tulong nito upang manatili sa parehong proyekto kung ang yunit ng pamilya ay sumusunod sa mga kinakailangan sa inspeksyon, ang renta para sa yunit ay makatwiran, at binabayaran ng pamilya ang kinakailangang bahagi nito sa renta at ang halaga, kung mayroon man, kung saan ang nirentahang yunit (kabilang ang mga halaga para sa mga yutilidad na nakabatay sa nangungupahan) ay lumampas sa karaniwang bayad sa mga nangungupahan.

## 11. Karapatan ng Pamilya na Lumipat

- a. Maaaring wakasan ng pamilya ang pag-upa nito anumang oras pagkatapos ng unang taon ng paninirahan. Dapat bigyan ng pamilya ang may-ari ng paunang nakasulat na abiso ng layuning umalis (na may kopya sa PHA) alinsunod sa pag-upa. Kung pinili ng pamilya na wakasan ang pag-upa sa paraang ito, dapat mag-alok ang PHA sa pamilya ng pagkakataon para sa tulong sa pag-upa na batay sa nangungupahan alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD.
- b. Bago magbigay ng paunawa para wakasan ang pag-upa sa ilalim ng talata a, dapat munang makipag-ugnayan ang pamilya sa PHA para humiling ng tulong sa pag-upa na nakabatay sa nangungupahan kung nais ng pamilya na lumipat nang may patuloy na tulong. Kung hindi kaagad na available ang nakabatay sa nangungupahan na

tulong sa pag-upa sa pagtatapos ng pag-upa, dapat bigyan ng PHA ang pamilya ng priyoridad na matanggap ang susunod na available na pagkakataon para sa tulong sa pag-upa na nakabatay sa nangungupahan.

## **12. Depositong Panseguridad**

- a. Maaaring mangolekta ang may-ari ng depositong panseguridad mula sa nangungupahan. (Gayunpaman, maaaring pagbawalan ng PHA ang may-ari na mangolekta ng depositong panseguridad na lampas sa kasanayan sa pribadong merkado, o labis sa mga halagang sinisingil ng may-ari sa mga hindi tinutulungang nangungupahan.)
- b. Kapag umalis ang pamilya sa yunit ng kontrata, maaaring gamitin ng may-ari, na napapailalim sa batas ng Estado at lokal, ang depositong panseguridad, kabilang ang anumang interes sa deposito, bilang reimbursement para sa anumang hindi nabayarang renta na babayaran ng nangungupahan, anumang pinsala sa yunit o anumang iba pang halaga na dapat bayaran ng nangungupahan sa ilalim ng pag-upa.
- c. Dapat bigyan ng may-ari ang nangungupahan ng listahan ng lahat ng bagay na sinisingil laban sa depositong panseguridad, at ang halaga ng bawat item. Matapos ibawas ang halaga, kung anuman, na ginamit para ma-reimburse sa may-ari, dapat na agad na ibalik ng may-ari ang buong halaga ng hindi nagamit na balanse sa nangungupahan.
- d. Kung ang depositong panseguridad ay hindi sapat para masakop ang mga halaga ng pagkakautang ng nangungupahan sa ilalim ng pag-upa, maaaring kolektahin ng may-ari ang balanse mula sa nangungupahan.

## **13. Pagbabawal sa Diskriminasyon**

Alinsunod sa naaangkop na walang diskriminasyon at mga batas, kautusan, Ehekutibong Utos, at regulasyon, hindi dapat magpakita ng diskriminasyon ang may-ari laban sa sinumang tao dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kabilang ang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian), bansang pinagmulan, edad, katayuan sa pamilya, o kapansanan kaugnay ng pag-upa .

Dapat gawin nang walang pagsasaalang-alang sa aktwal o pinaghihinalaang oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, o katayuan sa pag-aasawa Ang pagiging karapat-dapat para sa mga programa ng HUD.

## **14. Salungatan sa Iba Pang mga Probisyon ng Pag-upa**

- a. Inireseta ng HUD ang mga tuntunin ng addendum sa pangungupahan alinsunod sa Pederal na batas at regulasyon, bilang kondisyon para sa tulong ng Pederal sa nangungupahan at pamilya ng nangungupahan sa ilalim ng Seksyon 8 PBV na programa.
- b. Sa kaso ng anumang salungatan sa pagitan ng mga probisyon ng addendum ng pangungupahan gaya ng iniaatas ng HUD, at anumang iba pang mga probisyon ng pag-upa o anumang iba pang kasunduan sa pagitan ng may-ari at ng nangungupahan, ang mga kinakailangan ng HUD na addendum sa pangungupahan ang magkokontrol.

## **15. Mga Pagbabago sa Pag-upa at Renta**

- a. Hindi maaaring gumawa ng anumang pagbabago ng addendum sa pangungupahan ang nangungupahan at may-ari. Gayunpaman, kung sumang-ayon ang nangungupahan at ang may-ari sa anumang iba pang mga pagbabago sa pag-upa, dapat na nakasulat ang mga naturang pagbabago, at dapat agad na magbigay ang may-ari sa PHA ng isang kopya ng mga naturang pagbabago. Dapat na alinsunod sa mga kinakailangan ng addendum sa pangungupahan ang pag-upa, kasama ang anumang mga pagbabago.
- b. Dapat abisuhan ng may-ari ang PHA nang maaga sa anumang mungkahi na pagbabago sa mga kinakailangan ng pag-upa na namamahala sa alokasyon ng mga responsibilidad ng nangungupahan at may-ari para sa mga yutilidad. Maaari lamang gawin ang mga naturang pagbabago kung inaprubahan ng PHA at kung alinsunod sa mga tuntunin ng pag-upa na may kaugnayan sa pag-amyenda nito. Dapat na muling pagpasyahan ng PHA ang makatwirang renta alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD, batay sa anumang pagbabago sa paglalaan ng responsibilidad para sa mga yutilidad sa pagitan ng may-ari at nangungupahan, at ang muling pinagpasyahan na makatwirang renta ay dapat gamitin sa pagkalkula ng renta sa may-ari mula sa epektibong petsa ng pagbabago.

## **16. Nakasulat na mga Abiso**

Lipas na ang naunang mga edisyon

Form HUD 52530.c  
(04/2023)  
Pahina 11 ng 12

Dapat nakasulat ang anumang abiso sa ilalim ng pag-upa ng nangungupahan sa may-ari o ng may-ari sa nangungupahan.

## 17. Mga kahulugan

**Yunit ng kontrata.** Ang yunit ng pabahay na inuupahan ng nangungupahan na may tulong sa ilalim ng programa.

**Hindi Kasamang Yunit.** Isang yunit ng kontrata sa maraming pamilya na gusali na hindi binibilang laban sa bawat gusali na cap sa tulong ng PBV (25 yunit o 25 porsiyento ng mga yunit sa proyekto, alinman ang mas malaki) (tingnan ang 24 CFR § 983.56(b)).

**Pamilya.** Ang mga tao na maaaring manirahan sa yunit na may tulong sa ilalim ng programa.

**Kontrata ng HAP.** Ang kontratang tulong sa pagbabayad ng pabahay sa pagitan ng PHA at may-ari. Magbabayad ang PHA ng mga pagbabayad na tulong sa pabahay sa may-ari alinsunod sa kontrata ng HAP.

**Sambahayan.** Ang mga tao na maaaring naninirahan sa yunit ng kontrata. Ang sambahayan ay binubuo ng pamilya at sinumang live-in aide na aprubado ng PHA. (Ang live-in aide ay isang taong naninirahan sa yunit para magbigay ng mga kinakailangang serbisyong pansuporta para sa isang miyembro ng pamilya na may mga kapansanan.)

**Mga pamantayan sa kalidad ng pabahay (HQS).** Ang pinakamababang pamantayan ng kalidad ng HUD para sa pabahay na tinulungan sa ilalim ng Seksyon 8 PBV na programa.

**HUD.** Ang Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng Estados Unidos (US Department of Housing and Urban Development).

**Mga kinakailangan sa HUD.** Mga kinakailangan ng HUD para sa Seksyon 8 PBV na programa. Ibinibigay ng punong-tanggapan ng HUD ang mga kinakailangan sa HUD, mga abiso ng Pederal na Rehistro o iba pang may-bisang mga direktiba ng programa. Ang Addendum ng Pag-upa ay dapat bigyang-kahulugan at ipatupad alinsunod sa mga kinakailangan ng HUD.

**Pag-upa.** Ang nakasulat na kasunduan sa pagitan ng may-ari at ng nangungupahan para sa pag-upa ng nangungupahan sa yunit ng kontrata. Kasama sa pag-upa ang addendum sa pangungupahan na iniatas ng HUD.

**PHA.** Ahensya ng Pamublikong Pabahay.

**Mga looban.** Ang gusali o complex kung saan matatagpuan ang yunit ng kontrata, kabilang ang mga karaniwang lugar at bakuran.

**Programa.** Ang Seksyon 8 na nakabatay sa proyekto na programang butser.

**Renta sa may-ari.** Ang kabuuang buwanang renta na babayaran sa may-ari para sa yunit ng kontrata. Ang renta sa may-ari ay ang kabuuan ng bahagi ng renta na babayaran ng nangungupahan kasama ang tulong na bayad sa pabahay ng PHA sa may-ari.

**Seksyon 8.** Seksyon 8 ng Batas sa Pabahay ng Estados Unidos (United States Housing Act ) ng 1937 (42 Code ng Estados Unidos 1437f).

**Nangungupahan.** Ang miyembro ng pamilya (o mga miyembro) na umuupa ng yunit mula sa may-ari.